

Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 90

“22 Ang ilawan ng katawan ay ang mata: kung tapat nga ang iyong mata, ang buong katawan mo'y mapupuspos ng liwanag. 23 Datapuwa't kung masama ang iyong mata, ang buong katawan mo'y mapupuspos ng kadiliman. Kaya't kung ang ilaw na sumasa iyo ay kadiliman, gaano kaya kalaki ang kadiliman! 24 Sinoma'y hindi makapaglilingkod sa dalawang panginoon: sapagka't kapopootan niya ang isa, at übigin ang ikalawa: o kaya'y magtatapat siya sa isa, at pawawalang halaga ang ikalawa. Hindi kayo makapaglilingkod sa Dios at sa mga kayamanan.” (Mateo 6:22-24 KJV)

Sa liwanag na naunang nating tinalakay, ***“19 Huwag kayong mangagtipon ng mga kayamanan sa lupa, na dito'y sumisira ang tanga at ang kalawang, at dito'y nanghuhukay at nagsisipagnakaw ang mga magnanakaw: 20 Kundi mangagtipon kayo ng mga kayamanan sa langit, na doo'y hindi sumisira kahit ang tanga kahit ang kalawang, at doo'y hindi nanghuhukay at hindi nagsisipagnakaw ang mga magnanakaw: 21 Sapagka't kung saan naroon ang iyong kayamanan, doon naman doroon ang iyong puso.” (Mateo 6:19-21 KJV)*** Natutunan natin na huwag magipon ng mga kayamanan sa lupa kung saan maaring salakayin at was akin ng tanga, kalawang at magnanakaw kundi maglatag ng kayamanan sa Langit sa pamamagitan ng paglagay ng ating puso at pagibig sa Dios at sa Makalangit na Kaharian at sa Kanyang Salita at sa mga utos, at tinalakay natin kung paano gawin iyon sa mga hakbang; na magtrabaho at kumita, maglaan sa iyong sarili, maging malaya sa mga utang, masiyahan sa mga pagpapala ng Dios, ilaan sa pamilya, na ibigay ang nararapat sa Dios, na tulungan ang mahihirap at magipon para sa kinabukasan. At patuloy na itinuro ni Jesus ang parehong isyu ang tungkol sa pananalapi at ang lahat ng materyal na mga bagay.

“22 Ang ilawan ng katawan ay ang mata: kung tapat nga ang iyong mata, ang buong katawan mo'y mapupuspos ng liwanag.” (Mateo 6:22 KJV) Ang mata ay bahagi na ginagamit natin na nasa labas natin, at sa mata ang buong katawan ay may mapagkukunan ng liwanag. Ang liwanag na ibinibigay ng mata sa katawan ay sumasalamin din sa paraan ng iniisip at puso ng tao. Si Jesus dito ay inilalarawan ang paraan ng pagtingin ng tao sa mga bagay at ano ang mga kaisipang makikita sa kanyang isipan. ***Kung ang tao ay lalakad sa landas ng Dios kung gayon ang liwanag ay maaninag sa buong buhay niya. Ngunit kung siya ay mag iisip ng masamang makamundong paraan o salungat sa Dios at sa Kanyang Salita kung gayon ang tao ay nasa kadiliman. “23 Datapuwa't kung masama ang iyong mata, ang buong katawan mo'y mapupuspos ng kadiliman. Kaya't kung ang ilaw na sumasa iyo ay kadiliman, gaano kaya kalaki ang kadiliman!” (Mateo 6:23 KJV)***

“Kaya't kung ang ilaw na sumasa iyo ay kadiliman, gaano kaya kalaki ang kadiliman”: * Ibig sabihin ni Jesus kung ano ang nasa loob mo ang iyong pinaniniwalaan, o ang iyong ginagawa o isinasagawa ay naging bahagi mo at ng iyong pagkatao kung gayon kapag may kadiliman kung gayon ang kadiliman at ng kapangyarihan ng kadiliman ay magiging bahagi ng iyong buhay. * Nang sinabi ni Jesus kung ang iyong mata ay nakatuon ibig sabihin Niya ang iyong mata ay matuwid, buo at mabuti, at naayon sa kalooban ng Dios at ng Salita ng Dios. Tayo sy sumailalim sa Banal na Kasulatan upang makita kung paano sa pamamagitan ng mga mata ng tao ay nagkakasala sa paraang siya'y nag iisip o nagninilay sa mga bagay at nagpapasya tungkol sa mga ito.

“6 At nang makita ng babae, na ang bunga ng punong kahoy ay mabuting kanin, at nakalulugod sa mga mata, at kahoy na mananasa upang magpapantas sa tao, ay pumitas siya ng bunga niyaon at kinain; at binigyan din niya ang kaniyang asawang kasama niya, at ito'y kumain.” (Genesis 3:6 KJV) Inutusan ng Dios ang lalaki na kumain mula sa lahat ng punong kahoy ng halamanan ngunit mula sa puno ng kaalaman ng mabuti at masama hindi dapat silang kumain. Dito ginamit ng babae ang kanyang mga mata sa isang masamang paraan, sa halip na siya ay mapigilan dahil batid niya ang sinabi ng Dios, ngunit naakit siya sa salita ni Satanas na nagsabi sa kanya, na hindi sila mamamatay kapag sila'y kakain mula sa ipinagbabawal na bunga kundi sila'y magiging katulad ng Dios, ***“4 At sinabi ng ahas sa babae, Tunay na hindi kayo mamamatay: 5 Sapagka't talastas ng Dios na sa araw na kayo'y kumain niyaon ay madidilat nga ang inyong mga mata, at kayo'y magiging parang Dios, na nakakakilala ng mabuti at masama.” (Genesis 3:4-5 KJV)*** Ang kanyang pagmamalaki at ang kanyang kawalan ng takot sa Dios, at ang pagnanasa ng mga mata at ng kanyang isip ay nakagawa sa kanya na magkasala at nag akay sa kanya na akitin ang kanyang asawa na magkasala laban sa Dios, Ang kanyang mata ay hindi nakatuon o mabuti. Iyon din ang mababasa natin mula kay Apostol Pablo tungkol sa pagnanasa ng mga mata at ang pagnanasa ng laman na nagtutulak sa tao na ibigin ang sanglibutan at ang makamundong mga bagay, at ang natatanging mga bagay na umaakit sa tao na magkasala laban sa Dios, ***“15 Huwag ninyong ibigin ang sanglibutan, ni ang mga bagay na nasa sanglibutan. Kung ang sinoman ay umiibig sa sanglibutan, ay wala sa kaniya ang pagibig ng Ama. 16 Sapagka't ang lahat na nangasa sanglibutan, ang masamang pita ng laman at ang masamang pita ng mga mata at ang kapalaluan sa buhay, ay hindi mula sa Ama, kundi sa sanglibutan.” (1 Juan 2:15-17 KJV)*** * Inutusan tayo ng Dios ng tiyak na mga bagay at pinipigilan tayo mula sa mga tiyak na gawain kaya kailangan tayong mapigilan sa kung anong nalalaman natin mula sa Salita ng Dios. * Pinipigilan ni Jesus dito ang Kanyang mga disipulo at yaong mga nakikinig sa Kanya at maging tayo ngayon na pigilan mula sa pagsisikap na mag-ipon para sa atin ng mga

kayamanan sa lupa at suwayin ang mga utos ng Dios na mag-ipon para sa atin ng mga kayamanan sa Langit sa pamamagitan ng pagiging mapagpaubaya sa kasakiman, sa pagnanasa ng mata, sa pagibig sa salapi, sa katiwalian, kawalang katapatan at sa pagibig sa mundo.

Si Achan ay nagkasala laban sa Dios at sa Kanyang mga utos upang lipulin sa lahat ng kanilang makukuha mula sa lungsod ng Jerico dahil sa pag iimbot na naranasan niya nang makita niya ang mamahaling damit at ginto at ang pilak na nakakubli doon, gaya ng ipinagtapat niya ito nang natuklasan siya, **“20 At sumagot si Achan kay Josue, at sinabi, Sa katotohanan ay nagkasala ako laban sa PANGINOON, sa Dios ng Israel, at ganito't ganito ang aking ginawa: 21 Nang aking makita sa samsam ang mainam na balabal na yaring Babilonia, at ang dalawang daang siklong pilak, at ang isang dila na ginto, na limang pung siklo ang timbang, ay akin ngang inimbot, at aking kinuha; at, narito, nangakukubli sa lupa sa gitna ng aking tolda, at ang pilak ay nasa ilalim niyaon.”** (Joshue 7:20-21 KJV)

Kailangan mapigilan natin ang ating mga mata at huwag gamitin ang mga ito na magkasala laban sa Dios. Maging may kamalayan sa patingin sa pamilihan na hindi maakit ang iyong mga mata sa pagnanasa.

Gumawa ng tipan si Job sa kanyang mga mata na huwag mag isip tungkol sa babae, **“1 Ako'y nakipagtipan sa aking mga mata; paano nga akong titingin sa isang dalaga?”** (Job 31:1 KJV) Ito ay kung paanong magdadala ng liwanag sa loob mo, at malinis mula sa pagnanasa na nagdudulot sa iyong magkasala.

Sinabi rin ni David, **“3 Hindi ako maglalagay ng hamak na bagay sa harap ng aking mga mata: aking ipinagtanim ang gawa nilang lisyá: hindi kakapit sa akin.”** (Awit 101:3 KJV) * Ipinangako niya sa kanyang sarili na huwag maglagay sa harap ng kanyang mga mata ang anumang bagay na masama, hindi tapat, layong gumawa ng masama, kasakiman, pandaraya at hindi tapat na pakinabang. * Iwasang manood ng TV, mga pelikula, paglalaro ng mga palaro, at hindi kapaki pakinabang na pagbabasa sa mga pahina ng web, dahil ang lahat ng mga bagay na ito ay nagbabahagi ng mga karumal dumal na bagay sa pamamagitan ng iyong mga mata sa iyong isip at puso at masira ang mga ito at humantong sa iyo upang gumawa ng maling mga hakbang, pag uugali sa isang maling paraan at matukso na gumawa ng masamang desisyon. * Binigyan ka ng Dios ng mga mata para makita ang tiyak na bagay at ilang bagay na hindi mo dapat makita para maiwasan ang pagkahulog. Ang iyong mga mata ay maaaring mapanatili ang iyong buong katawan sa liwanag ng Dios at ang mga bagay-bagay ay magiging maayos sa iyo; hindi ka mahuhulog sa kasalanan at hindi ka gagawa ng maling hakbang o matutukso kang gumawa ng maling desisyon.

“24 Sinoma'y hindi makapaglilingkod sa dalawang panginoon: sapagka't kapopootan niya ang isa, at iibigin ang ikalawa: o kaya'y magtatapat siya sa isa, at pawawalang halaga ang ikalawa. Hindi kayo makapaglilingkod sa Dios at sa mga kayamanan.” (Mateo 6:22-24 KJV) * Kaya dito ang iyong mga mata ay alinmang nakatuon sa Dios o nakatuon sa materyal at makamundong mga bagay. * Ang panginoon mo ay ang Dios at sensitibo ka sa Kanyang utos, o ang iyong panginoon ay ang mundo, ang materyal na mga bagay, ang mga kayamanan sa lupa at ikaw ay pinamamahalaan ng pagmamahal na ito upang paglilingkuran ang mga materyal na bagay. * Muli ay ang Dios ay hindi labag sa iyo na ikaw ay may kayamanan ngunit hindi ka dapat magbigkis at maghigpit sa kung anong kayamanan at ang pagibig sa kayamanan na iyon ang nagdidikta sa iyo ng mga utos laban sa Dios at sa Kanyang Salita. Kapag iniibig at pinarangalan mo ang Dios, kung gayon handa mong ibigay ang prioridad sa Dios at handang kamuhian at hamakin ang materyal na mga bagay. Kapag iniibig at pinaparangalan mo ang salapi at ginawa itong pangunahin kung gayon pakusang hinahamak at kinamumuhian mo ang Dios dahil hindi mo maaaring paglilingkuran kapwa ang Dios at ang kayamanan, na nangangahulugang mga kayamanan. Pareho ay magbibigay sa iyo ng mga utos na sumasalungat sa isa't isa at sa huli ay makikita mo ang iyong sarili na kailangan upang piliin kung sino ang iyong paglilingkuran. Ang mga halimbawa sa Bibliya ay tungkol sa pagpapanatili ng Dios ang panginoon sa ating mga buhay at mas gusto natin siya kaysa sa pera at materyal na mga bagay ay marami, at maaari tayong sumailalim sa mga ito. Ang pagibig sa pera at sa materyal na mga bagay ang hahadlang sa atin sa paglilingkod sa Dios.

Handang ibigay ni Abraham ang kanyang natatanging anak na si Isaac sa Dios. Nang inutusan siya ng Dios, kinaumagahan ay lumabas siya upang sumunod sa Dios, **“1 At nangyari pagkatapos ng mga bagay na ito, na sinubok ng Dios si Abraham, at sa kaniya'y sinabi, Abraham; at sinabi niya, Narito ako. 2 At kaniyang sinabi, Kunin mo ngayon ang iyong anak, ang iyong bugtong na anak na si Isaac, na iyong minamahal at pumaroon ka sa lupain ng Moria; at ihain mo siya roong handog na susunugin sa ibabaw ng isa sa mga bundok na aking sasabihin sa iyo. 3 At si Abraham ay bumangong maaga, at inihanda ang kaniyang asno, at ipinagsama ang dalawa sa kaniyang mga alila, at si Isaac na kaniyang anak: at nagsibak ng kahoy para sa haing susunugin, at bumangon at naparoon sa dakong sinabi sa kaniya ng Dios.”** (Genesis 22:1-3 KJV)

Handang ihandog ni Arauna ang lupain at ang mga kagamitan sa giikan kay Haring David nang narinig niya na nais ni Haring David na magtayo ng isang dambana at ihandog sa Dios sa dakong iyon, **“21 At sinabi ni Arauna: Bakit ang aking panginoon na hari ay naparito sa kaniyang lingkod? At sinabi ni David, Upang bilhin ang giikan sa iyo, na mapagtayuan ng isang dambana sa Panginoon, upang ang salot ay magtigil sa**

bayan. 22 At sinabi ni Arauna kay David, Kunin ng aking panginoon na hari, at ihandog kung ano ang inaakala niyang mabuti: narito, ang mga baka na panghandog na susunugin, at ang mga kagamitan sa giikan at ang mga pamatok ng mga baka na pang kahoy: 23 Ang lahat na ito, Oh hari, ibinibigay ni Arauna sa hari. At sinabi ni Arauna sa hari, Tanggapin ka nawa ng Panginoon mong Dios.” (2 Samuel 24:21-23 KJV)

Ngunit kahit sa gayong pag aalok tumanggi si David na tanggapin ito dahil ayaw niyang maghandog sa Dios ng isang bagay na magdudulot sa kanya ng anoman. *“24 At sinabi ng hari kay Arauna, Huwag; kundi katotohanang bibilhin ko sa iyo sa halaga: hindi nga ako maghahandog ng mga handog na susunugin sa Panginoon kong Dios na hindi nagkahalaga sa akin ng anoman. Sa gayo'y binili ni David ang giikan at ang mga baka ng limang pung siklong pilak.” (2 Samuel 24:24 KJV)*

Ang isa pang halimbawa ang tungkol doon na hindi ka makakapaglingkod sa parehong Dios at sa kayamanan sa kalagayang ito ng pinuno na lumapit kay Jesus at tinanong Siya kung ano ang kailangan niyang gawin upang magkaroon ng buhay na walang hanggan. Ating basahin ang buong salaysay, *“18 At tinanong siya ng isang pinuno, na sinasabi, Mabuting Guro, anong gagawin ko upang magmana ng walang hanggang buhay? 19 At sinabi sa kaniya ni Jesus, Bakit mo ako tinatawag na mabuti? walang mabuti, kundi isa, ang Dios lamang. 20 Talastas mo ang mga utos, Huwag kang mangalunya, Huwag kang pumatay, Huwag kang magnakaw, Huwag kang sumaksi sa di katotohanan, Igalang mo ang iyong ama at ina. 21 At sinabi niya, Ginanap ko ang lahat ng mga bagay na ito buhat pa sa aking pagkabata. 22 At nang marinig ito ni Jesus, ay sinabi niya sa kaniya, Isang bagay pa ang kulang sa iyo: ipagbili mo ang lahat mong tinatangkilik, at ipamahagi mo sa mga dukha, at magkakaroon ka ng kayamanan sa langit: at pumarito ka, sumunod ka sa akin. 23 Datapuwa't nang marinig niya ang mga bagay na ito, siya'y namanglaw na lubha; sapagka't siya'y totoong mayaman. 24 At sa pagmamasid sa kaniya ni Jesus ay sinabi, Pagkahiraphirap na makapasok sa kaharian ng Dios ang mga may kayamanan! 25 Sapagka't magaan pa sa isang kamelyo ang pumasok sa butas ng isang karayom, kay sa isang taong mayaman na pumasok sa kaharian ng Dios. 26 At sinabi ng mga nakarinig nito, Sino nga kaya ang makaliligtas? 27 Datapuwa't sinabi niya, Ang mga bagay na di mangyayari sa mga tao ay may pangyayari sa Dios.” (Lucas 18:18-27 KJV)* Pagkatapos ng kanyang pakikipag usap kay Jesus tungkol sa mga utos ng Dios na sinusunod niya, sinabi ng Panginoon ang sumusunod: *“22 At nang marinig ito ni Jesus, ay sinabi niya sa kaniya, Isang bagay pa ang kulang sa iyo: ipagbili mo ang lahat mong tinatangkilik, at ipamahagi mo sa mga dukha, at magkakaroon ka ng kayamanan sa langit: at pumarito ka, sumunod ka sa akin.” (Lucas 18:22 KJV)* Ngunit nang marinig ng lalaki ang sinabi ni Jesus sa kanya na gawin upang magkaroon ng kayamanan sa Langit siya'y nalungkot, *“23 Datapuwa't nang marinig niya ang mga bagay na ito, siya'y namanglaw na lubha; sapagka't siya'y totoong mayaman.” (Lucas 18:23 KJV)* Nalungkot siya dahil ayaw niyang gamitin ang kanyang kayamanan para ipamahagi sa mga mahihirap. *“24 At sa pagmamasid sa kaniya ni Jesus ay sinabi, Pagkahiraphirap na makapasok sa kaharian ng Dios ang mga may kayamanan!” (Lucas 18:24 KJV)* Dahil hindi niya handang isalin ang kanyang makalupang mga kayamanan sa Makalangit na mga kayamanan. Dito inutusan ng Panginoon ang mayamang lalaki sa kung anong kailangan niyang gawin ngunit nilisan niya ang Panginoon at umalis. *“22 Datapuwa't nang marinig ng binata ang ganitong pananalita, ay yumaon siyang namamanglaw; sapagka't siya'y isang may maraming pag-aari” (Mateo 19:22 KJV)* Umalis siya dala ang atas ni Jesus na ayaw niyang gawin. Kaya nang lumapit siya kay Jesus sa kanyang isipan na hindi gagalawin ni Jesus ang kayamanan na mayroon siya.

Ngunit taliwas sa mayamang binata na iyon, nasa atin ang magandang halimbawa ni Zaqueo, ang maniningil ng buwis na nagsisi sa kasakiman at pangigikil nang pumasok si Jesus sa kanyang bahay, tulad ng mababasa natin dito ang kanyang salaysay, *“1 At siya'y pumasok at nagdaan sa Jerico. 2 At narito, isang lalake na tinatawag sa pangalang Zaqueo; at siya'y isang puno ng mga maniningil ng buwis, at siya'y mayaman. 3 At pinagpipilitan niyang makita si Jesus kung sino kaya siya; at hindi mangyari, dahil sa maraming tao, sapagka't siya'y pandak. 4 At tumakbo siya sa unahan, at umakyat sa isang punong kahoy na sikomoro upang makita siya: sapagka't siya'y magdaraan sa daang yaon. 5 At nang dumating si Jesus sa dakong yaon, ay siya'y tumingala, at sinabi sa kaniya, Zaqueo, magmadali ka, at bumaba ka; sapagka't ngayo'y kinakailangang ako'y tumuloy sa bahay mo. 6 At siya'y nagmadali, at bumaba, at tinanggap siyang may tuwa. 7 At nang makita nila ito, ay nangagbulongbulungan silang lahat, na nangagsasabi, Siya'y pumasok na nanunuluyan sa isang taong makasalanan. 8 At si Zaqueo ay nagtindig, at sinabi sa Panginoon, Narito, Panginoon, ang kalahati ng aking mga pag-aari ay ibinibigay ko sa mga dukha; at kung sakali't nakasingil akong may daya sa kanino mang tao, ay isinasauli ko ng makaapat. 9 At sinabi sa kaniya ni Jesus, Dumating sa bahay na ito ngayon ang pagkaligtas, sapagka't siya'y anak din naman ni Abraham. 10 Sapagka't ang Anak ng tao ay naparito upang hanapin at iligtas ang nawala.” (Lucas 19:1-10 KJV)* Posibleng narinig ni Zaqueo ang sinabi ng mga tao sa kanya; isang makasalanan, pag aakusa sa kanya ng pagkuha ng salapi sa pandaraya, o marahil narinig niya ang sinabi ni Jesus na gawin ng mayamang lalaki; na ipagbili ang kanyang pag aari at ipamahagi sa mahihirap. Dito pinaikli ito ni Zaqueo at ipinahayag kay Jesus na handa niyang ibigay ang kalahati ng kanyang pag aari sa mga dukha at kung may kinuha pa siyang anumang bagay sa pandaraya ay handa niyang itong ibalik nang makaapat. Si Zaqueo ay handang sundin ang sinabi ni Jesus, *“19 Huwag kayong mangagtipon ng mga kayamanan sa lupa, na dito'y sumisira ang tanga at ang*

kalawang, at dito'y nanghuhukay at nagsisipagnakaw ang mga magnanakaw: 20 Kundi mangagtipon kayo ng mga kayamanan sa langit, na doo'y hindi sumisira kahit ang tanga kahit ang kalawang, at doo'y hindi nanghuhukay at hindi nagsisipagnakaw ang mga magnanakaw: 21 Sapagka't kung saan naroon ang iyong kayamanan, doon naman doroon ang iyong puso.” (Mateo 6:19-21 KJV) Kaya ipinahayag ni Jesus at sinabi kay Zaqueo na ang kaligtasan ay dumating sa kanyang sangbahayan at siya rin ay anak ni Abraham dahil hindi niya pinigilan ang pagbibigay ng kanyang materyal na pag aari sa Dios gaya ni Abraham na handang ihandog ang kanyang bugtong na anak na si Isaac sa Dios nang inutusan siya ng Panginoon na gawin iyon, “9 At kaniyang sinalita naman ang talinghagang ito sa nagsisiasa sa kanilang sarili, na nangagpapanggap na sila'y matutuwid, at pinawawalang halaga ang lahat ng mga iba.” (Lucas 18:9 KJV)

Tinawag tayo upang gamitin ang materyal na mga bagay na mayroon tayo na nasa atin upang gumawa ng mga kayamanan sa Langit, at sa gayon napatunayan tayo ay maging katiwala ng ipinagkatiwala sa atin gaya ng mababasa natin dito: “9 At sinabi ko sa inyo, Makipagkaibigan kayo sa pamamagitan ng kayamanan ng kasamaan; upang, kung kayo'y magkulang, ay kanilang tanggapin kayo sa mga walang hanggang tabernakulo. 10 Ang mapagtapat sa kakaunti ay mapagtapat din naman sa marami: at ang di matuwid sa kakaunti ay di rin naman matuwid sa marami. 11 Kung kayo nga'y di naging mapagtapat sa masamang kayamanan, sino nga ang magkakatiwala sa inyo ng mga tunay na kayamanan? 12 At kung di kayo naging mapagtapat sa kayamanan ng iba, sino ang sa inyo'y magbibigay ng sa inyong sarili. 13 Walang aliping makapaglilingkod sa dalawang panginoon: sapagka't kapopootan niya ang isa, at iibigin ang ikalawa; o di kaya'y magtatapat sa isa, at pawawalang halaga ang ikalawa. Hindi kayo makapaglilingkod sa Dios at sa mga kayamanan.” (Lucas 16:9-13 KJV) Kung tayo'y tapat sa Dios sa paggamit ng ating materyal na mga kayamanan upang gumawa ng mga kayamanan sa Langit kung gayon tayo'y naglilingkod sa Dios at tiniyak sa atin ang isang lugar sa Langit.

Sa aking mahal at minamahal: Tayo ngayon ay lumapit sa Panginoon, at maging handang gawin ang ipinagagawa Niya sa atin: “2 Na masdan natin si Jesus na gumawa at sumakdal ng ating pananampalataya, na siya dahil sa kagalakang inilagay sa harapan niya ay nagtiis ng krus, na niwalang bahala ang kahihyan, at umupo sa kanan ng luklukan ng Dios.” (Hebreo 12:2 KJV) Maging handa tayong maglilingkod sa Dios at maging handa nating gamitin ang ating materyal na mga ari arian upang gumawa ng mga kayamanan sa Langit sa pamamagitan ng pagiging pagpapala sa Dios at sa iba sa pamamagitan ng pagiging tapat, nalinis mula sa kasakiman, katiwalian at kawalang katapatan.

Simbahan tayo ay nasa krus na daan, hamakin natin ang kayamanan at piliing parangalan ang ating Dios.

Tayo'y manalangin:

Ang aking panalangin: Amang Dios Ako'y lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibig at nabuhay na maguli noong ikatlong araw upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa iyong Salita na na nagturo sa akin kung paanong parangalan at piliing paglilingkurang ka at ipangako ang aking buhay para sa kawalang hanggan.

Ating ipagtapat at talikdan ang ating mga kasalanan. Talikdan ang pag iimbot ng ating mga mata, paggamit ng iyong mga mata sa panonood ng TV, ng media, Mga balita, palaro, patingin sa pamilihan, panonood ng immoral na mga bagay, pagnanasa para sa makamundo at materyal na mga bagay at pag iimbot sa iba. Talikdan ang kasalanan ng pandaraya, kasakiman, ang pagibig sa salapi, hindi tapat, layong gawin ang masama at katiwalian. Hindi handang sumunod sa mga utos at tagubilin ng Dios. Hindi handang ibigay sa Dios ang hinihinigi Niya sa iyo na ibigay, o pagbibigay sa Dios ng nagdudulot sa iyo ng anuman, atbp. Panginoon ako'y nagsisi at tinalikdan ang sumusunod na mga kasalanan _____

Panginoon handa kong gawin ang sumusunod _____ batay sa iyong mga utos at tulad ng sinalita mo sa akin. Panginoon hayaan ang iyong kaligtasan ay dumaloy sa aking buhay at sa buhay ng aking pamilya. Panginoon ipinangako ko ang aking mga mata na huwag manood ng masasamang bagay, huwag mag isip ng masasamang bagay, at ingatan ang aking sarili mula sa pagibig ng sanglibutang ito.

Panginoon salamat para sa aking mga kapatid na lalaki at babae na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at ipinangako ang kanilang buhay na sumunod sa iyong Salita at isagawa ang mga ito sa kanilang buhay. Panginoon patubayan sila ng iyong Banal na Espiritu sa paraang nais mo silang maging. Panginoon tulungan sila, ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan at protektahan sila mula sa mga tukso at sa masama. Panginoon pagpalain kami at paging dapatin kami na magkaroong ng mga kayamanan sa Langit. Panginoon tulungan sila na patuloy nilang isabuhay ang kanilang buhay para sa iyo at hayaan silang maging masagana sa mabubuting gawa at maging pagpapala sa iba.

Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan bilang ipinangako namin ang aming sarili na mamiuhay ayon sa iyon Salita at sa iyong kalooban. Panginoon patubayan kami na gawin ang iyong kalooban at iyong

layunin sa aming buhay. Panginoon ipinangako namin ang aming sarili na magparami ng bunga ng Banal na Espiritu sa aming buhay; pagibig, kagalakan, kapayapaan, kaamuhan, kabutihan, kahinahunan mahabang pagdurusa, pagtitiis, pagpipigil sa sarili at kababaang loob; na makita ng mga tao si Jesus sa aming buhay. Panginoon puspusin kami ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng espirituwal na mga kaloob na kailangan namin na yumaon at abutin ang bagong mga tao, at gumawa ng bagong mga alagad at magsanay ng maraming manggagawa upang magtanim ng bagong mga pag aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios. Ang biyaya ng Panginoong JesuCristo, at ang pagibig ng Dios at pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Mga aral mula sa sermon ni Jesus sa bundok Yugto 90. Mateo 6:19-24. Genesis 3:4-6. 1 Juan 2:15-17. Josue 7:20-21. Job 31:1. Awit 101:3. Genesis 22:1-3. 2 Samuel 24:21-24. Lucas 18:18-27. Mateo 19:22. Lucas 19:1-10. Lucas 16:9-13. Hebreo 12:2.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirtual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com